

Call and Guidance - Riyadh - Rawdhah Tel. 4918051 Fax 4970561 - P.O. Box 87299 Riyadh 11642

# ANG MGA PANINIWALA NG MUSLIM NI SHEIKH MUHAMMAD AS-SALEH AL-UTHAIMIN

# SALIN SA PILIPINO NI ABDULLATIF E. ARCEO

(Ang aklat na ito ay orihinal na isinulat sa wikang Arabik ng may akda. Ang pagkasalin sa wikang Pilipino ay mula sa wikang Inglis na salin ni Dr. Maneh Hammad Al Johani)

(C) TANGGAPANG KOOPERATIBA NG BATHA PARA SA PANAWAGAN AT PAMAMATNUBAY, 1995 HARING FAHD AKLATANG PAMBANSA TALAAN NG PAGLILIMBAG PHILIPS,BILAL,(ABU AMEENA) ANG TUNAY NA RELIHIYON/ISINALIMBAG NG ISCAG.

"P." cm

ISBN; 9960-798-09-7

1-Islam 2- Aralin sa Islam A-ISCAG(ISINALIMBAG) Bpamagat 214,27 DV 1962/15

Depositong Legal Big: 1962/15

ISBN: 9960-798-09-7

## COOPERATIVE OFFICE FOR CALL AND GUIDANCE IN AL- BATHA

UNDER THE SUPERVISION OF MINISTRY OF ISLAMIC AFFAIRS.

ENDOWMENTS, PROPAGATION AND GUIDANCE

PO. BOX:20824 RIYADH.11465

00966-1 - 4030251 - 4034517 - 4031587 - 4030142 FAX - 4059387

Lecture hall, Tel + Fax: 00966- 1- 4083405

WWW. COCG. ORG

### (C) All rights reserved for the Office

No part of this book may be used for publication without the written permission of the copyright holder, application for which should be addressed to the office

# ANG MGA KAHANAYAN NG NILALAMAN

- Pabalat ni Sheikh Abdul Aziz Ibn Baz
- Pambungad ng may akda

### Kabanata I

- Ang Paniniwala sa Paghahari ni Allah, sa Kanyang kaisahan at mga Katangian
- Ang Kapahintulutan ni Allah Pangsantinakpan at Legal
- Ang Iba Pang Katangian ni Allah
- Ang Paglalarawan kay Allah sa Pamamagitan ng Kanyang Rebelasyon

### Kabanata II

- Ang Pinagbuhatan ng Kanyang mga Katangian
- Ang Koran at Sunnah ay Malaya sa Pagkakasalungatan

### Kabanata III

- Ang Ginagampanan ng Anghel

### Kabanata IV

- Ang Paniniwala sa mga Aklat (Kasulatan) ni Allah
- Ang mga Kinikilalang Aklat
- Ang Koran ay Iningatan sa Anumang Pagbabago
- Ang Unang Kasulatan ay Nabago

### Kabanata V

- Paniniwala sa mga Tagapagbalita (Sugo)
- Ang Una at Huling Tagapagbalita
- Ang Pinakapili sa Lahat ng mga Tagapagbalita
- Ang mga Tagapagbalita ay Tao
- Islam: Ang Pangsantinakpan at Huling Mensahe
- Ang Ganap na Napapatnubayang Khalifa (Tagasunod)
- Ang mga Kasamahan ng Propeta

### Kabanata VI

- Paniniwala sa Araw ng Paghuhukom
- Paniniwala sa Muling Pagkabuhay
- Paniniwala sa mga Talaan at Timbangan
- Ang Pamamagitan ng Propeta
- Ang Batis ng Propeta
- Ang Tuwid na Landas
- Paniniwala sa Paraiso at Impiyerno
- Paniniwala sa Kasasapitan sa Libingan

### Kabanata VII

- Paniniwala sa Kasasapitan at Banal na Pag-uutos
- Ang mga Antas ng Paniniwala sa Kasasapitan
- Ang Malayang Pag-iisip ng Tao
- Walang Pagsasaalang-alang sa Kasasapitan ng mga Makasalanan
- Ang Kasamaan ay di Maikukulapol kay Allah

### Kabanata VIII

- Ang mga Bunga ng Pananampalataya
- Ang mga Moral na Kabutihan sa Paniniwala kay Allah
- Ang mga Moral na Kabutihan sa Paniniwala sa mga Anghel
- Ang mga Moral na Kabutihan sa Paniniwala sa mga Aklat (Kasulatan)
- Ang mga Moral na Kabutihan sa . Paniniwala sa mga Tagapagbalita (Sugo)
- Ang mga Moral na Kabutihan sa Paniniwala sa Araw ng Paghuhukom
- Ang mga Moral na Kabutihan sa Paniniwala sa Kasasapitan at Banal na Pag-uutos

# PABALAT NI SHEIKH ABDUL AZIZ IBN BAZ

Sa ngalan ni Allah, Ang Pinakamahabagin, Ang Pinakamaawain. Ang kapurihan ay kay Allah lamang, ang kapayapaan at biyaya ay sumakanila, sa huling Propeta, sa kanyang pamilya at sa kanyang mga kasamahan.

Inihantad nila sa akin ang mahalaga at sulating ito tungkol sa paniniwala ng Muslim na inihanda ng ating kapatid, ang dakilang pantas, Sheikh Muhammad As-Saleh Al'Uthaimin. Pinakinggan kong lahat ito at aking natagpuan na ito ay sumasaklaw sa pananalig ng Sunnis at kalakhang karamihan ng mga Muslim na sumasakop sa Kaisahan ni Allah, sa Kanyang mga Katangian, ang paniniwala sa mga Anghel, sa mga Kasulatan at mga Tagapagbalita (Sugo), sa Araw ng Paghuhukom at ang

paniniwala sa Kasasapitan at Banal Katakdaan. Siya ay nagtagumpay sa pagtitipon ng lahat ng dapat malaman ng sinumang nagnanais ng karunungan at pangangailangan ng bawat Muslim sa kanyang paniniwala kay Allah, sa Kanyang mga Anghel, sa Kanyang mga Kasulatan, sa Kanyang Tagapagbalita, sa Araw ng Paghuhukom at sa Kasasapitan. Isinama niya sa sulating ito ang kapaki-pakinabang na kaalaman na nauugnay sa mga paniniwala ng Muslim na hindi kagyat na matatagpuan sa maraming aklat na naisulat sa ganitong karunungan at patnubay, at gawin nawa Niyang ang aklat na ito at iba pa niyang mga aklat ay maging kapaki-pakinabang. Nawa, si Allah ang Nakakarinig at Nakababatid, ay biyayaan tayo at siya at lähat ng ating mga kapatid, at gawin Niya tayo na namamatnubay at matuwid na napapatnubayan upang ating tawagin ang mga tao kay Allah ng may tiyak na kaalaman. -6-

# PAMBUNGAD NG MAY AKDA

Sa ngalan ni Allah, ang Pinakamahabagin, ang Pinakamaawain. Purihin ang Panginoon santinakpan na nagkakaloob ng pinakamainam na gantimpala sa mga may pagkatakot kay Allah at ng malaking pagkapariwara sa mga nagmamalabis (sa utos). Ako ay nagpapatunay na ako ay saksi na wala ng ibang Diyos maliban kay Allah. Siya ay walang katambal at nagtataglay ng lahat ng tunay na kapamahalaan at paghahari. Ako ang saksi na si Muhammad ang Kanyang tagapaglingkod at sugo. Pagpalain nawa siya ni Allah at ang kanyang mga pamilya, mga kasamahan at ang mga sumusunod sa kanila hanggang sa Araw ng Paghuhukom.

Si Allah ang nagsugo ng Kanyang Tagapagbalita na si Muhammad, sumakanya

nawa ang kapayapaan, ng may ganap na patnubay at ng tunay na relihiyon bilang habag sa sangkatauhan, bilang isang huwaran sa mga gumagawa ng kabutihan at siyang kasangkapan sa katuwiran ni Allah sa sangkatauhan. Sa pamamagitan ni Muhammad at sa mga ipinahayag sa kanya, ang Koran at ang mga Sawikain ng propeta, si Allah ay nagpamalas sa mga tao ng lahat ng pamamaraan upang mapagbago ang kanilang sarili at mapatatag ang kanilang pangrelihiyon at pangmundong pamumuhay naaayon sa matibay na pananalig, matuwid na asal, kapinuhan ng pag-uugaling moral at kaaya-ayang pakikitungo (sa kapwa). Ang Propeta, sumakanya nawa ang kapayapaan, "ay nag-iwan sa kanyang mga kasamahan sa 'matuwid na landas' at tanging ang mga mapapahamak ay ang lilihis doon". (Ibn Majah at Ahmad). Ang kanyang mga kasamahan at kanilang tagasunod at ang mga

matatapat na sumusunod sa kanila ang siyang pinakamainam sa karamihan ng mga tao. Sila ang nagtatag sa kanyang batas, nagpanatili sa kanyang mga gawi at kanilang pinanghawakan ito bilang isang pananalig at gawa, sa pagiging moral sa pag-uugali. Dahil dito, "sila ang pangkat na itinuturing na matatagumpay, na nasa matuwid na landas at ligtas sa sinumang sa kanila'y sumasalansang hanggang sa katapusan ng mundo" (Bukhari at Muslim). Kami, purihin si Allah, ay sumusunod sa kanilang mga yapak at napapatnubayan ng kanilang mga halimbawa na pinatitibayan ng Koran at mga Tradisyon ng Propeta. Sinasabi lamang namin ito bilang pagbabadya ng mga biyaya ni Allah at pagliliwanag sa kung ano ang dapat panampalatayanan ng bawat Muslim.

Idinadalangin namin kay Allah na sana'y ingatan Niya kami at ang aming mga

kapatid sa matuwid na landas sa buhay na ito at sa Kabilang Buhay at pagkalooban Niya kami ng Kanyang hahag, Siya ang Tagapagbigay. Ito'y dahil sa kahalagahan ng ganitong paksa at ang pagkakaiba ng opinyon tungkol doon, ibig ko lamang maipaliwanag ang aming pananampalataya ang paniniwala ng Sunnis at ang kalakhang Muslim (Ah'l As-Sunnah Wa'l Jama'ah). Ang pananalig na ito ay ang paniniwala kay Allah, sa Kanyang mga Anghel, sa Kanyang mga Kasulatan, sa Kanyang mga Tagapagbalita (Sugo), sa Araw Paghuhukom at sa Kasasapitan maging mabuti man o masama. Idinadalangin ko kay Allah na sana'y ang matapat na pagsisikhay na ito patungkol sa Kanya ay Kanyang patnubayan ng ayon sa Kanyang naisin at maging kapaki-pakinabang sa Kanyang sangkatauhan.

# KABANATA BLG. 1 ANG AMING PANANALIG

Ang aming pananalig ay ang paniniwala kay Allah, sa Kanyang mga Anghel, sa Kanyang mga Aklat (Kasulatan), sa Kanyang mga Tagapagbalita (Sugo), sa Araw ng Paghuhukom, at sa Kasasapitan maging yaon man ay mabuti o masama.

# ANG PANINIWALA SA PAGHAHARI NI ALLAH, SA KANYANG KAISAHAN AT MGA KATANGIAN:

- Kami ay naniniwala sa pagka-Diyos ni Allah, na siya ang Panginoon, ang Lumikha, ang Nakapangyayari sa Paghahari, at ang Tagapamahala ng lahat ng mga bagay-bagay.

- Kami ay naniniwala sa Pamamanginoon ni Allah, alalaong baga, na Siya ang Tunay na Diyos at ang anumang "diyos" ay huwad.
- Kami ay naniniwala sa Kanyang Pangalan at Katangian, na Siya ay nagtataglay ng pinakamainam na Pangalan at ng kataas-taasan at ganap na Katangian.
- Kami ay naniniwala sa Kanyang Kaisahan, sa lahat ng ibinabadya nito, alalaong baga, Siya ay walang katambal sa Kanyang pagka-Diyos, sa Kanyang Pamamanginoon, sa Kanyang Pangalan, sa Kanyang mga Katangian. Si Allah ay nagsasaysay sa Koran: "Siya ang Panginoon ng mga Kalangitan at Sangkalupaan, at ng lahat ng nasa pagitan niyaon, kaya't sambahin Siya at maging matimtiman (at matiyaga) sa pagsamba sa Kanya. Mayroon

pa ba kayong alam na makakahalintulad Niya?" (Koran 19:65)

- Kami ay naniniwala na Siya ay si "Allah, wala ng iba pang Diyos liban sa Kanya, ang Buhay, ang Walang Hanggan. Ang antok at idlip ay di makapangyayari sa Kanya; Siya ang nag-aangkin ng lahat ng mga nasa kalangitan at kalupaan. Sino baga kaya ang makapamamagitan sa Kanya libang Kanyang pahintulutan'? Talastas Niya kung ano ang nasa harapan nila at kung ano ang nasa likuran nila, at sila'y di makapaglilirip ng anumang bagay ng Kanyang Karunungan libang Kanyang maibigan. Ang Kanyang Luklukan ay ang mga kalangitan at kalupaan, at ang pagtataguyod doon ay di nagdudulot ng kapagalan sa Kanya. Siya ang Kataas-taasan ang Kabanal-banalan." (Koran 2:225).

- Kami ay naniniwala na "Siya si Allah, wala ng ibang Diyos liban sa Kanya. Siya ang nakakaalam ng nalilingid at nakikita; Siya ang Pinakamaawain, ang Pinakamahabagin. Siya ang Diyos, wala ng ibang Diyos liban sa Kanya. Siya ang Hari, ang Pinakabanal, ang Pamuhatan Kapayapaan, ang Tagapagbantay ng Pananampalataya, ang Tagapangalaga, ang Pinakamakapangyarihan, ang Tagapagpatupad, ang Kataas-taasan. Purihin ang Diyos sa lahat ng mga itinatambal sa Kanya. Siya ang Diyos, ang Manlilikha, ang Taga-gawa, ang Taga-hubog. Sa Kanya ang lahat ng magagandang pangalan. Ang lahat ng nasa kalangitan at kalupaan ay nagpupuri sa Kanya; Siya ang Pinakamakapangyarihan, ang Maalam." (Koran 59:22-24).

- Kami ay naniniwala na Siya ang nagaangkin ng Kaharian at mga Kalangitan at Kalupaan. "Siya ay lumilikha ng balang Kanyang maibigan. Siya ang nagkakaloob ng anak na babae, sa sinumang kanyang maibigan, at nagkakaloob ng anak na lalaki, sa sinumang Kanyang maibigan, o pinagsasama Niya ito, mga lalaki at babae, at ginagawa Niyang baog ang sinumang Kanyang maibigan. Katotohanang Siya ang Maalam, ang Makapangyarihan". (Koran 42:49-50).
- Kami ay naniniwala na "walang anupamang bagay ang maaaring makatulad Niya, Siya ang Nakakarinig, ang Nakamamasid. Siya ang nag-aangkin ng mga susi ng mga kalangitan at kalupaan. Siya ang nagkakaloob at nagkakait ng biyaya sa sinumang Kanyang naisin.

Katotohanang Siya ang may kaalaman sa lahat ng bagay." (Koran 42:11-12).

- Kami ay naniniwala na "Walang anumang nilalang na gumagapang sa lupa ang mabubuhay na di mula sa biyaya ng Diyos. Talastas Niya ang kanilang pinananahanan at kinahihimlayan. Ang lahat ay nasa isang maliwanag na Talaan". (Koran 11:6).
- Kami ay naniniwala na "Siya ang naghahawak ng mga susi ng Nalilingid; walang sinuman ang nakakaalam niyaon maliban sa Kanya. Talastas Niya ang anumang bagay na nasa kalupaan at karagatan. Walang isa mang dahon ang malalaglag ng di Niya batid, ni ang isang butil sa gitna ng dilim sa kalupaan, maging basa man o tuyo, bagkus ay nasa sa isang maliwanag na Talaan". (Koran 6:59).

- Kami ay naniniwala na si "Allah lamang ang nakababatid ng Huling Sandali, na nagpaparating ng ulan, at nakababatid kung ano ang nasa sa mga sinapupunan. Walang sinumang kaluluwa ang nakakaalam kung ano ang maaari niyang taglayin sa kinabukasan, at walang sinumang kaluluwa ang nakakaalam kung saang lugar ito mamamatay. Katotohanang si Allah ang Nakakaalam, ang Nakababatid." (Koran 31:34).
- Kami ay naniniwala na si Allah ay nangungusap sa anumang Kanyang maibigan at kailanma't Kanyang naisin, "At si Allah ay nangusap ng tuwiran kay Moses." (Koran 4:164) "At nang si Moses ay dumating sa Aming itinakdang lugar, at ang kanyang Panginoon ay nangusap sa Kanya." (Koran 7:143) "Siya'y (Moses) tinawag Namin mula sa kanang bahagi ng Bundok ng Sinai, at

dinala Namin siya ng malapit sa pakikipagtipan (pag-uusap)." (Koran 19:52).

- Kami ay naniniwala na "kung ang karagatan ay maging tinta para sa mga salita ng aking Panginoon, ang karagatan ay mauubos bago pa matapos ang mga salita ng Panginoon." (Koran 18:109) "At kung ang lahat ng punongkahoy na nasa sangkalupaan ay mga panulat, at ang karagatan (ay tinta), na may pitong karagatan upang idagdag doon, ang mga salita ni Allah ay di magwawakas. Katotohanang si Allah ang Makapangyarihan, ang Maalam." (Koran 31:27).
- Kami ay naniniwala na ang mga salita ni Allah ay pinakamakatotohanan sa pagpaparating ng kaalaman, ang pinakamakatarungan sa pagpapatupad, at

pinakamainam sa pakikipagtalastasan. Siya ay nagwika: "Ang salita ng inyong Panginoon ay puspos at ganap sa katotohanan at katarungan." (Koran 6:115) "At sino pa ba kaya ang higit na makatotohanan sa kanyang salita maliban kay Allah." (Koran 4:74).

- Kami ay naniniwala na ang Koran ang mga salita ni Allah. Siya ay tuwirang nagsalita nito kay Gabriel na siyang nagparating nito sa Propeta (sumakanya nawa ang kapayapaan): "Ipagbadya (O Muhammad), ang Banal na Espiritu ang nagpanaog nito (Koran) mula sa inyong Panginoon ng may katotohanan". (Koran 16:102) "Katotohanang ito ang kapahayagan ng Panginoon ng sandaigdigan, na ipinarating ng Matapat na Espiritu sa iyong puso upang ikaw ay maging isa sa mga

tagapagpaala-ala, sa maliwanag na Arabik na pangungusap." (Koran 26:192-195).

- Kami ay naniniwala na si Allah, ay tunay na mataas sa Kanyang mga nilikha kung ihahambing sa Kanyang sarili at sa Kanyang mga katangian, sapagkat Siya ay nagwika: "Siya ang Mataas, ang Dakila". (Koran 2:255) "Siya ang Kataas-taasang Nakapangyayari sa Kanyang tagapaglingkod, at Siya ang Maalam, ang Nakababatid." (Koran 6:18).
- Kami ay naniniwala na "nilikha Niya ang mga kalangitan at sangkalupaan sa loob ng anim na araw, at pagkatapos niyaon, Siya ay nanahan Kanyang luklukan; Siya ang namamahala sa lahat ng bagay." (Koran 10:3) Ang Kanyang pagtahan sa Kanyang Luklukan ay nangangahulugan na Siya ay nakatahan Kanyang sarili sa Kanyang

Luklukan sa paraang ito'y naaangkop sa Kanyang kataasan at kadakilaan. Walang sinuman maliban sa Kanya ang nakatatalos kung papaano Siya ay ganap na nakatahan

- Kami ay naniniwala na Siya ay nasa lipon ng Kanyang mga nilikha samantalang Siya ay namamalagi sa Kanyang Luklukan. Batid Niya ang kanilang mga kalagayan, at naririnig Niya ang kanilang mga sinasabi, at nakikita Niya ang kanilang mga ginagawa, nagpapalakad ng kanilang mga at pamumuhay. Siya ang nagkakaloob ng Kanyang biyaya sa mga maralita at nagdarahop. Siya ay nagbibigay ng kapamahalaan (kapangyarihan) sa sinumang kanyang maibigan at pumapalis din naman niyaon (kapamahalaan) sa Kanyang maibigan. Siya ang nagtataas (sa kapurihan) sinumang Kanyang maibigan at nagpapababa (sa pagiging hamak) sa

sinumang Kanyang maibigan. Nasa sa Kanyang mga kamay ang lahat ng kabutihan at Siya ang makapangyarihan sa lahat ng bagay. Ang sinuman na nagtataglay ng ganitong mga katangian ay literal lamang na nasa Kanyang mga nilikha kahit na nga na Siya ay literal na mataas sa kanila sa Kanyang Luklukan. "Walang sinupaman o alinman ang makakatulad Niya; Siya ang Nakaririnig, ang Nakamamasid. "(Koran 42:11).

- Kami ay hindi nagsasabi ng gaya ng 'Inkarnasyonista' (na ang Diyos ay may wangis ng tao o nagkatawang tao) mula sa lipon ng mga 'Jahomitas' at ng iba pa na nagsasabi, alalaong baga, na ang Diyos ay namumuhay sa gitna ng Kanyang mga nilikha sa Sangkalupaan. Ang sinuman na magsabi niyaon ay aming itinuturing na di mananampalataya o naliligaw ng landas

sapagkat nag-aakibat siya kay Allah ng kasahulan na hindi karapat-dapat sa Kanya.

- Kami ay naniniwala sa sinabi ng Kanyang Sugo na Siya ay bumababa ng may kalapitan sa mga alapaap bago sumapit ang pangatlong bahagi ng gabi at nagsasabi: "Sino ang nagsisidalangin sa Akin at siya'y Aking diringgin sa kanyang mga pagdalangin? Sino ang humihingi sa akin at siya'y Aking pagkakalooban. Sino ang humahanap ng Aking kapatawaran at siya'y Aking patatawarin?" (Bukhari at Muslim).
- Kami ay naniniwala na Siya ay paparito sa Araw ng Paghuhukom upang Kanyang hatulan ang mga tao sapagkat Siya ang nagsabi: "Katotohanan, kung ang sangkalupaan ay durugin ng pinong-pino, at ang Inyong Panginoon ay bumaba na kasama ng mga Anghel sa maraming hanay,

sa Araw na yaon ang Impiyerno ay matatambad. Sa araw na yaon ang tao ay makakaala-ala (matatauhan), ngunit ano ang magiging silbi ng gayong pag-aala-ala?" (Koran 89:21-23).

- Kami ay naniniwala na Siya ang Tagapagpatupad ng anumang Kanyang naisin

# ANG KAPAHINTULUTAN NI ALLAH: PANGSANTINAKPAN AT LEGAL

- Kami ay naniniwala na ang kapahintulutan ni Allah ay may dalawang uri: Pangsantinakpang Kagustuhan: na sa pamamagitan niyaon ang Kanyang naisin ay maipatutupad. Hindi kinakailangan na kung ano ang naipatupad ay nagugustuhan Niya. Ang ganitong uri ng kagustuhan ay

nangangahulugan ng pahintulot, katulad na nga ng sinabi ni Allah, "Kung ginusto ni Allah, sila ay hindi magsisipaglabanan ng laban sa bawat isa sa kanila, ngunit ginagawa ni Allah ang anumang Kanyang maibigan", (Koran 2:253) at "Kung nanaisin ni Allah na kayo'y mangapaligaw, Siya ang inyong Panginoon." (Koran 11:34).

Legal na Kagustuhan: na hindi nangangahulugan na ito ay ang pagpapatupad ng Kanyang naisin. Ang kagustuhan, sa ganitong bagay, ay hindi maaaring iba pa sa Kanyang ninanais. katulad ng Kanyang sinabi, "Si Allah ang nagnais na patawarin kayo." (Koran 4:27)

- Kami ay naniniwala na ang Kanyang pangsantinakpan at legal na kagustuhan ay bahagi ng Kanyang karunungan. Ang lahat ng Kanyang ginagawa sa santinakpan o ang ipinagagawa Niya sa kanyang mga nilikha ay dahilan sa mabuting nasa at naaayon sa Kanyang karunungan, kahima't ito ay napag-uunawa natin o di naaabot ng ating pang-unawa: "Hindi baga si Allah ang pinakamatuwid sa lahat ng Hukom?" (Koran 95:9), "At sino pa kaya ang higit na matuwid kay Allah sa paghatol sa mga tao na mayroong matibay na pananalig?" (Koran 5:50)

- Kami ay naniniwala na si Allah ay nagmamahal sa Kanyang piling tagapaglingkod at sila'y umiibig sa Kanya: "Ipagbadya: Kung minamahal ninyo si Allah, ako'y (Muhammad) inyong sundin at si Allah ay magmamahal sa inyo", (Koran 3:31), "Si Allah ay magdadala ng mga tao na Kanyang mamahalin at magmamahal sa Kanya" (Koran 5:45), "Si Allah ay umiibig sa mga may kapanatiliang loob (at matimtiman)" (Koran 3:146), "At kumilos

kayo ng may katarungan, katotohanang si Allah ay nagmamahal sa mga makatarungan" (Koran 49:9) at "Gumawa kayo ng mabuti, si Allah ay nagmamahal sa mga gumagawa ng kabutihan." (Koran 5:93).

- Kami ay naniniwala na nais ni Allah kung ano man ang Kanyang ipinag-utos na mabubuting gawa at sawikain at hindi Niya nais kung ano man ang Kanyang ipagbawal na masasamang gawa at sawikain: "Kung kayo ay hindi nagsisisampalataya, katotohanang si Allah ay di nangangailangan sa inyo, magkagayunman ay hindi Niya ninanais ang kawalan ng pananalig ng Kanyang mga alipin; kung ikaw ay may pagpapasalamat, ito ay nakalulugod sa Kanya" (Koran 39:7), Subalit hindi nagugustuhan ni Allah ang kanilang pangunguna (sa paglakad), kaya't pinaurong

Niya sila, at sinabi sa kanila: Magsipamalagi kayo sa mga mahihina". (Koran 9:46).

- Kami ay naniniwala na si Allah ay nalulugod sa mga sumasampalataya sa Kanya at gumagawa ng mga kabutihan: "Si Allah ay ganap na nalulugod sa kanila at sila rin naman ay nalulugod sa Kanya. Ito ay sa mga tao na may pagkatakot sa kanilang Panginoon." (Koran 98:8).
- Kami ay naniniwala na si Allah ay napopoot sa mga tao na dapat lamang magkamit ng Kanyang pagkapoot sa gitna ng mga sumasampalataya at iba pa. "At sa mga nag-iisip ng masamang isipan kay Allah, sa kanila ay igagawad ang masamang ganti ng kapalaran. Si Allah ay napopoot sa kanila." (Koran 48:6) "At sinumang magbukas ng kanyang puso sa kawalan ng pananalig, sa kanila ang kagalitan ni Allah at sila ay makatatanggap ng matinding kaparusahan." (Koran 16:106).

# ANG IBA PANG KATANGIAN NI ALLAH

- Kami ay naniniwala na si Allah ay mayroong makalangit (maluwalhati) at kagalang-galang na mukha: "Dito'y mananatili ang mukha ng inyong Panginoon na may kataasan at puno ng sigla." (Koran 55:27).
- Kami ay naniniwala na si Allah ay may dalawang mapagpalang kamay: "Tunay nga, ang Kanyang dalawang kamay ay malawak na nakalahad; Siya ay nagkakaloob ng Kanyang maibigan". (Koran 5:64) Sila'y hindi nagpaparangal sa Kanya, sa pagpaparangal na nararapat sa Kanya. Ang buong santinakpan ay isa lamang dakot ng Kanyang kamay sa Araw ng Pagkabuhay, at ang mga kalangitan ay magsisigulong sa Kanyang kanang kamay. Luwalhatiin Siya,

higit Siyang mataas sa lahat ng mga itinatambal nila sa Kanya". (Koran (39:67).

- Kami ay naniniwala na si Allah ay nagtataglay ng tunay na dalawang mata sapagkat Siya ay nagsabi: "At inyong itayo ang arko Sa ilalim ng Aming mga mata kung paano Namin ito ipinahayag." (Koran 11:37) Ang Propeta, sumakanya nawa ang kapayapaan, ay nagsabi: Ang Kanyang talukbong ay liwanag. Kung ito'y Kanyang alisin, ang kabanalan ng Kanyang buong mukha ay makasusunog ng lahat ng maaabot ng Kanyang paningin." (Muslim at Ibn Majah) Ang mga Sunnis ay buong pagkakaisa na sumang-ayon na dalawa ang Kanyang mata. Ito ay pinatitibayan ng sawikain ng Propeta tungkol sa Dajjal (ang laban kay Kristo) na Siya ay may isang mata at ang inyong Panginoon ay hindi isang mata lamang." (Bukhari at Muslim).

- Kami ay naniniwala na ang mga "mata ay hindi makatagos sa Kanya, subalit mapaglalagusan Niya ang mga mata, Siya ay hindi Maaabot ng Isipan, ang Nakakaalam." (Koran 6:103).
- Kami ay naniniwala na ang mga sumasampalataya ay makakakita sa kanilang Panginoon sa Araw ng Pagkabuhay: "Sa araw na yaon, ang mga ibang mukha ay magiging maningning na tumitingin sa kanilang Panginoon." (Koran 75:22-23).
- Kami ay naniniwala na si Allah ay walang kahalintulad sapagkat ang Kanyang mga Katangian ay ganap. "Walang anumang sa Kanya ang makakatulad. Siya ang Nakakarinig, ang Nakamamasid." (Koran 42:11).

- Kami ay naniniwala na "walang pagkaantok o pagkaidlip ang makapapanaig sa Kanya" (Koran 2:255) sapagkat ang Kanyang buhay ay ganap at walang hanggan.
- Kami ay naniniwala na Siya ay hindi gumagawa ng kawalang katarungan sa sinuman sapagkat Siya ay pantay (sa paghatol) at ganap.
- Kami ay naniniwala na Siya ay hindi mapaglilingiran ng mga gawa ng Kanyang tagapaglingkod sapagkat Siya ay mayroong ganap na pagsubaybay at sukdol na karunungan.
- Kami ay naniniwala na Siya ay makagagawa ng anumang bagay sa mga kalangitan o sa sangkalupaan dahilan sa Kanyang ganap na karunungan at kapangyarihan. "Katotohanang ang Kanyang

pag-uutos, kung Siya'y magnais ng isang bagay, Siya'y magbabadya lamang doon ng: 'Mangyari nga!' at magaganap nga." (Koran 36:82).

- Kami ay naniniwala na Siya ay ligtas sa lahat ng pagkapagod at panghihina sapagkat Siya ay may sukdol na kapangyarihan: "Katotohanang nilikha Namin ang mga kalangitan at sangkalupaan at ang lahat ng nasa pagitan niyaon sa loob ng anim na araw, at walang kapaguran ang nakapanaig sa Amin." (Koran 50:38).

# ANG PAGLALARAWAN KAY ALLAH SA PAMAMAGITAN NG KANYANG REBELASYON (PAHAYAG)

- Kami ay naniniwala sa lahat ng Kanyang itaguri sa Kanyang sarili o sa anupamang paglalarawan sa Kanya ng Kanyang sugo, sa mga pangalan at katangian; subalit tinatalikdan namin ang dalawang kaisipan:
- 1) Ang magsabi o maniwala na ang mga katangian ni Allah ay katulad ng Kanyang mga nilikha;
- 2) Ang magsabi o maniwala na ang mga katangian ni Allah ay katulad ng ganito o ganoon.
- Kami ay nagpapabulaan sa lahat ng pinabubulaanan Niya tungkol sa Kanyang

sarili o sa lahat ng pinabubulaanan ng Kanyang sugo tungkol sa Kanya. Kami ay naniniwala na ang pagpapabulaan ay nagsasaad ng pagpapatibay ng isang ganap na pagkasalungat. Hindi namin pinaguusapan ang bagay na hindi Niya binanggit tungkol sa Kanya o ng Kanyang sugo tungkol sa Kanya.

- Kami ay naniniwala na ang pagsunod sa ganitong pamamaraan ay kinakailangan sapagkat kung ano ang pinatitibayan o pinabubulaanan Niya sa Kanyang sarili ay isang pahayag na ginawa Niya tungkol sa Kanyang Sarili. Batid Niyang ganap ang Kanyang sarili, ang Kanyang mga salita ang siyang pinakamakatarungan at lubos na mapagkakatiwalaan at ang mga tao ay hindi makababatid ng lahat-lahat tungkol sa Kanya. Kung anuman ang patibayan o pabulaanan ng Sugo ni Allah tungkol sa

Kanya ay isang pahayag na kanyang ginawa para kay Allah. Siya (ang propeta) ang higit na may kaalaman at pinakamatapat (sa pagsasabi ng katotohanan), mataas at may magandang pananalita sa gitna ng mga tao. Kaya nga't kung anuman ang sabihin ni Allah o ang sabihin ng Kanyang propeta tungkol sa Kanyang Pangalan at Katangian ay katotohanan, kaalaman at pagbibigay kaliwanagan. Samakatuwid, kami ay walang dahilan upang itakwil o kaya'y mag-alinlangan sa pagtanggap sa mga yaon.

#### KABANATA II

# ANG KORAN AT SUNNAH: ANG MGA PINAGBUHATAN NG KANYANG MGA KATANGIAN

Ang lahat ng aming binanggit na tungkol sa mga Katangian ni Allah maging yaon man ay maigsi o may kahabaan, na pinatitibayan o pinabubulaanan, ay batay sa Aklat ng ating Panginoon at ng mga Tradisyon ng aming Propeta. Ito ay naaayon din sa mga kinagawian ng mga nanga-unang henerasyon ng mga Muslim at ng mga matutuwid na mga pantas (iskolar) na dumating pagkaraan nila.

Kami ay naniniwala sa isang pangangailangan na aming tanggapin ang mga talata ng Koran at ang mga Tradisyon ng Propeta tungkol sa mga katangian ni Allah ng walang labis at walang kulang at magbigay pakahulugan doon sa pamamaraang ito ay naaangkop sa Pinakamakapangyarihang Allah. Kami ay nagtatakwil sa pamamaraan ng mga lumilihis (o lumalayo) sa mga kahulugan ng mga talata at umuunawa roon sa pamamaraang hindi ito ang ninanais ni Allah at ng Kanyang Sugo.

Kami ay nagtatakwil din sa pamamaraan ng mga tao na di naglalapat ng kahalagahan doon ayon sa kahulugang ipinarating ni Allah at ng Kanyang sugo. At bilang pangwakas, aming itinatakwil ang pamamaraan ng mga nagmamalabis (sa pagpapakahulugan) na nagsibigay doon ng pisikal na pakahulugan na nagsasaad na si Allah ay nakakatulad ng ilan sa Kanyang mga nilikha.

# ANG KORAN AT SUNNAH AY MALAYA SA PAGKAKASALUNGATAN

Walang pag-aalinlangan na batid namin na kung ano ang ipinahayag ni Allah sa Kanyang Aklat at sa Tradisyon ng Kanyang Sugo ay siyang katotohanan. Ito ay hindi nagtataglay ng anumang pagkakasalungatan: "Sila baga'y hindi nagsisipamangha sa Koran? Kung ito ay nagmula sa iba pa maliban kay Allah, katotohanang kayo'y makatatagpo roon ng maraming pagkakaiba-iba." (Koran 4:82).

Ang pagkakasalungatan sa mga pahayag ay nagpapabulaan doon at ito ay tunay na imposible sa mga gayong pahayag na ipinarating ni Allah at sinabi ng Kanyang Sugo, sumakanya nawa ang kapayapaan. Sinumang magparatang na mayroong mga

pagkakasalungatan sa Koran at sa Tradisyon ng Propeta o sa gitna ng dalawa ay maaaring mayroon siyang masamang naisin o napapaligaw na puso. Kaya't marapat siyang magsisi at talikdan ang kanyang kasalanan. Kung sinuman ang nagakala na mayroong mga pagkakasalungatan sa Koran, sa mga sawikain ng propeta o sa gitna ng dalawang ito, ito ay maaaring bunga ng kanyang maliit na kaalaman, kakulangan sa pang-unawa o kakulangan ng matiim na pagmumuni-muni. Samakatuwid, siya ay marapat na humanap ng kaalaman at gawin ang kanyang makakaya sa pagdidilidili hanggang ang katotohanan ay maging maliwanag sa kanya. Ngunit kung pagkatapos ng lahat ng ganitong pagsisikhay, ang katotohanan ay di pa malinaw sa kanya, marapat niyang ipaubaya ang lahat ng bagay na ito sa Tanging Isa na nakababatid nito at tumalikdan sa kanyang

pangangarap at magsabi na kagaya ng mga may matatatag na natatanim na karunungan na nagsasabi: "Kami ay naniniwala roon, ang lahat ay mula sa aming Panginoon." (Koran 3:7) Dapat niyang mapag-alaman na walang pagkakaiba o pagkakasalungatan sa Koran at sa Sunnah (Tradisyon ng Propeta) o sa pagitan ng dalawang ito.

#### KABANATA III

#### PANINIWALA SA MGA ANGHEL

- Kami ay naniniwala sa pagkakaroon ng mga anghel ni Allah at sila ay yaong tinatawag na "marangal na tagapaglingkod". Sila ay hindi nagsasalita bago pa Siya magsalita at sila'y tumatalima lamang sa Kanyang pag-uutos". (Koran 21:26) "Si Allah ay lumikha sa kanila at sila ay sumasamba at tumatalima sa Kanya. Ang mga nasa paningin Niya ay di makasusuway

na sambahin Siya at sila'y hindi nakadarama ng pagkapagal." (Koran 21:19).

- Ang mga anghel ay ikinubli sa atin, hindi natin sila napagmamalas. Si Allah ay maaaring magpamalas sa kanila sa ilan sa Kanyang tagapaglingkod (sugo). Ang Propetang si Muhammad ay nakamalas kay Gabriel sa kanyang tunay na anyo na nagtataglay ng anim na raang pakpak na humahangga sa magkabilang dulo ng kalupaan (Bukhari at Muslim). Si Gabriel ay nag-anyo ng isang magandang lalaki at nagpakita kay Maria at nakipagpalitang salita sa kanya. Siya (Gabriel) ay pumaroon sa Propeta ng siya ay nasa gitna ng kanyang mga kasamahan sa anyo ng isang di kilalang lalaki na hindi kababanaagan ng anumang tanda ng mahabang paglalakbay, mayroong napakaputing damit at napakaitim na buhok. Siya ay umupo sa harap ng

Propeta, na ang kanyang tuhod ay nasa mga tuhod ng Propeta, sumakanya nawa ang kapayapaan, at ang kanyang mga palad ay nasa sa mga hita ng Propeta at siya'y nakipag-usap sa Propeta. Pagkaraan noon, ang Propeta ay nagwika sa kanyang mga kasamahan na ang taong kanilang nakita ay si Gabriel. (Bukhari at Muslim).

### ANG MGA GINAGAMPANAN NG ANGHEL

- Kami ay naniniwala na ang mga anghel ay may takdang gawain na ginagampanan. Ang isa sa mga anghel ay si Gabriel na siyang pinaglalagakan ng rebelasyon. Siya ay nagpaparating noon mula kay Allah sa sinuman na Kanyang maibigan sa gitna ng Kanyang mga Propeta at Sugo.

Ang isa sa kanila ay si Michael na siyang namamahala ng ulan at pananim. Ang isa pa rin sa kanila ay si Israfil na siyang namamahala sa pag-ihip ng Trumpeta sa oras ng pagkidlat at pagkulog at sa Araw ng Pagkabuhay. Ang isa sa kanila ay ang anghel ng kamatayan, na siyang kumukuha ng kaluluwa ng mga tao sa oras ng kanilang kamatayan. Ang isa sa mga anghel ay siyang namamahala sa bundok at si Malik, ang tagapagbantay ng Impiyerno.

Ang ilan sa mga anghel ay namamahala sa pagkabuo ng similya sa sinapupunan (ng ina), ang iba ay may pananagutan sa kaligtasan ng mga tao at ang ibang anghel ay abala sa pagtatala ng mga ginagawa ng tao. "At kung ang dalawang anghel ay makatanggap (ng kanyang mga gawa), ang isa'y nakaupo sa kanan at ang isa'y sa kaliwa, at walang isa mang salita na kanyang bigkasin ang makaliligtas sa isang

laang tagapagmasid. " (Koran 50:18) Ang iba sa mga anghel ang namamahala sa pagtatanong ng ginawa ng isang tao pagkatapos na siya ay ilagay sa kanyang huling hantungan. Dalawang anghel ang paroroon sa kanya at magtatanong sa kanya tungkol sa kanyang Panginoon, sa kanyang Relihiyon, at sa kanyang Propeta. Doon "si Allah ang magpapatotoo sa mga naniniwala na may matatag na pananangan sa buhay na ito at sa Kabilang Buhay, na si Allah ang naghahantong sa pagkapaligaw sa mga mapaggawa ng kasamaan at si Allah ay gumagawa ng Kanyang maibigan". (Koran 14:27).

Ang iba sa mga anghel ang namamahala sa mga nananahan sa Paraiso. Ang mga anghel ay pumapasok sa kanila sa lahat ng tarangkahan at nagsasabi: "Sumainyo ang kapayapaan sapagkat kayo

ay naging matiyaga. Tunay ngang mainam ang inyong huling tahanan." (Koran 13:24)

Ang Propeta, sumakanya nawa ang kapayapaan, ay nagsabi sa atin na pitumpong anghel ang pumapasok o nagdarasal sa Mataong Tahanan sa kalangitan araw-araw. Sila'y hindi na magbabalik doon habang sila'y nabubuhay, (sapagkat ang kanilang pagkakataon ay di na kailanman darating). (Bukhari at Muslim).

#### KABANATA IV

# ANG PANINIWALA SA MGA AKLAT (KASULATAN) NI ALLAH

- Kami ay naniniwala na si Allah ay nagpahayag ng mga Aklat sa Kanyang mga Sugo bilang katibayan sa sangkatauhan at patnubay sa mga nagsisigawa ng matuwid. Sila (Propeta) ang luminis sa kalooban at nagturo sa kanila ng karunungan sa pamamagitan ng mga Aklat na yaon.

Kami ay naniniwala na si Allah ay nagpapanaog ng Aklat sa bawat Sugo Niya sapagkat Siya ang nagsabi: "Katotohanang isinugo Namin ang Aming mga Sugo ng may maliwanag na tanda, at ipinanaog Namin sa kanila ang Aklat at Katarungan upang ang tao ay manangan sa katarungan." (Koran 57:25).

#### ANG MGA KINIKILALANG AKLAT

Ang ilan sa mga Aklat na ating batid ay ang mga sumusunod:

- 1) Ang Torah (Ang Batas) na ipinahayag kay Moses, sumakanya nawa ang kapayapaan. Ito ang pinakadakila sa gitna ng mga Aklat na pang-Israelitas. Katotohanang Kami ang nagpapanaog sa Torah, na naroroon ang patnubay at liwanag sa mga batas niyaon, ang mga Hudyo ay hinatulan ng mga Propeta na nagsusuko ng kanilang sarili kay Allah, sa pamamagitan ng mga Rabbi at Doktor ng Batas (pantas); sa kanila ay ipinagkatiwala ang pag-iingat ng Aklat ni Allah at sila ang mga saksi roon." (Koran 5:47)
- 2) Ang Ebanghelyo (Magandang Balita) na ipinahayag kay Hesus, sumakanya nawa ang kapayapaan. Ito ang nagpapatotoo ng Torah at kaugnayan nito. "At ibinigay

Namin sa kanya (Hesus) ang Ebanghelyo, na naroroon ang patnubay at liwanag at nagpapatotoo sa Torah na una pa rito, bilang patnubay at paala-ala sa mga may pagkatakot sa Diyos." (Koran 5:49) "At upang gawin Kong marapat sa inyo ang mga bagay na ipinagbabawal sa inyo noong una." (Koran 3:50)

- 3) Ang mga Salmo na ibinigay ni Allah kay David, sumakanya nawa ang kapayapaan.
- 4) Ang mga Kalatas ni Abraham at Moses, sumakanila nawa ang kapayapaan.
- 5) Ang Banal na Koran na ipinahayag Niya sa Propetang si Muhammad, ang Sagka (at Panghuli) sa lahat ng Propeta, sumakanya nawa ang kapayapaan. Ito "ay patnubay sa sangkatauhan at mga maliwanag na tanda ng patnubay at pamantayan ng katumpakan at kamalian." (Koran 2:185).

### ANG KORAN AY ININGATAN SA ANUMANG PAGBABAGO

Ang Koran ay nagpapatotoo Kasulatan na una pa sa rito at namamalaging tagapagbantay niyaon." Kaya nga, sa pamamagitan ng Koran, si Allah ay nagpawalang saysay sa lahat ng mga nangaunang Aklat. Si Allah din ang gumarantiya sa pag-iingat niyaon (Koran) sa anupamang paglalaro o maruming pagiisip upang yaon ay mabago. "Katotohanang ipinanaog Namin ang Balita, at katotohanang ding pangangalagaan Namin yaon." (Koran 15:9) Ito'y dahil sa ang Koran ang katibayan sa sangkatauhan hanggang sa Araw ng Paghuhukom.

### ANG MGA NAUNANG KASULATAN AY NABAGO

Ang mga naunang kasulatan ay nauukol lamang para sa natatakdaang panahon na

nagwakas sa pagkapahayag ng rebelasyon na nagpawalang saysay doon at naglantad kung ano ang nangyari sa pagbibigay daya at pagbabago roon. Ito ang dahilan kung bakit ito'y hindi napangalagaan sa pagbibigay sira roon. Ito ay dumanas ng pagbibigay sira, pagdaragdag at pagbabawas. "Ang ilan sa mga Hudyo ay naglilihis ng mga salita sa tamang kahulugan niyaon." (Koran 4:46) "Tunay ngang kahabag-habag (sa kaparusahan) ang mga tao na sumusulat ng Aklat sa kanilang mga kamay, at mag-sisipagsabi: 'Ito ay mula kay Allah', upang makapagkamit sila ng kaunting halaga. Tunay ngang kahabag-habag sila (sa kaparusahan) sa anumang isinulat ng kanilang mga kamay at kahabag-habag din sila (sa kaparusahan) sa anumang napakinabang nila roon." (Koran 2:79) "Ipagbadya: Sino ang nagpapanaog ng Aklat na dala ni Moses bilang liwanag at patnubay

sa sangkatauhan? Inilagay nila ito sa mga piraso ng papel at nagpapamalas sa bahagi nito ngunit naglilingid ng karamihan". (Koran 6:91) "At mayroong pangkat sa karamihan nila na nagpapadulas ng kanilang mga dila (sa pagbabasa) sa Aklat, upang mapag-akala ninyo na ito ay bahagi ng Aklat, datapuwa't ito'y hindi bahagi ng Aklat. At sila'y nagsisipamarali: Ito'y mula kay Allah, datapuwa't ito'y hindi mula kay Allah, at sila'y nagsisipangusap ng kasinungalingan laban kay Allah at ito'y kanilang batid. Hindi katampatan sa sinumang tao na binigyan ni Allah ng Aklat, ng Karunungan, at ng pagiging Propeta na siya'y mangusap sa mga tao: "Sambahin ninyo ako sa halip ni Allah.", (Koran 3:78-80) "O angkan ng Kasulatan!, ang Aming mga Sugo ay nagsidating sa inyo, upang gawing maliwanag sa inyo ang lubhang maraming bagay na inyong inililingid sa Aklat at ng kayo'y mapatawad. Ang liwanag ay dumaratal sa inyo mula kay Allah at isang maluwalhating Aklat, na Kanyang papatnubayan ang sinumang tumalima upang makamtan ang Kanyang kasiyahan sa pamamaraan ng kapayapaan, "At sila'y gabayan Niya mula sa kadiliman tungo sa kaliwanagan sa Kanyang nais." (Koran 5:15-16).

#### KABANATA V

# PANINIWALA SA MGA TAGAPAGBALITA (SUGO)

- Kami ay naniniwala na si Allah ay nagsugo sa Kanyang mga tao ng mga sugo na "may dala ng masayang balita at paala-ala", upang ang sangkatauhan ay hindi magkaroon ng pagtatalo laban kay Allah pagkaraan ng mga sugo. 'Si Allah ang ganap na makapangyarihan, ang ganap na Maalam". (Koran 4:165).

#### ANG MGA UNA AT HULING TAGAPAGBALITA

- Kami ay naniniwala na ang una sa pangkat ng mga Tagapagbalita ay si Noe at ang pangwakas ay si Muhammad, sumakanila nawa ang kapayapaan. Pinagpahayagan Namin ikaw (Muhammad) kung paano rin Namin pinagpahayagan si Noe at ang mga propeta pagkaraan niya". (Koran 4:163) "Si Muhammad ay hindi ama ng sinupaman sa inyong mga tao, datapuwa't siya ang tagapagbalita ni Allah at Sagka (Panghuli) sa lahat ng mga Propeta". (Koran 33:40).

### ANG PINAKAPILI SA LAHAT NG MGA TAGAPAGBALITA

- Kami ay naniniwala na ang pinakatampok sa lahat ng mga tagapagbalita ay si Muhammad, at ang sumunod ay si Abraham, at si Moses, at si Noe at si Hesus na anak ni Maria. Sila nga ang tinutukoy sa mga sumusunod na talata ng Koran: "At alalahanin nang Kami'y makipagkasundo ng isang kasunduan sa Propeta, at sa iyo (Muhammad), at kay Noe, at Abraham at

Moses at Hesus na anak ni Maria, Kami'y nakipagkasundo sa kanila ng banal na kasunduan." (Koran 33:7).

- Kami ay naniniwala na ang mensahe ni Muhammad, sumakanya nawa ang kapayapaan, ay nagtatalay ng lahat ng kapurihan (sa kagalingan) ng mga mensahe naunang mararangal na mga tagapagbalita sapagkat si Allah ang nagsaysay: "Ang gayong ding relihiyon ang Kanyang itinatag sa iyo (Muhammad) na katulad din naman ng ipinahayag Niya kay Noe, na ang katulad noon ang ipinahayag Namin sa iyo- tulad din naman ng Aming ipinahayag kay Abraham, Moses at Hesus, alalaong baga, na ikaw ay maging matimtiman sa ganitong pananalig at iyong pagisahin yaon." (Koran 42:13).

# ANG MGA TAGAPAGBALITA AY TAO

- Kami ay naniniwala na ang lahat ng tagapagbalita ay mga nilikhang tao na walang sinuman ang nag-aangkin ng mga banal na katangian ni Allah. Si Allah, ang Kataas-taasan, ay nagbadya tungkol kay Noe, na siyang isa sa kanila. Hindi ko (Noe) ipinagbadya sa inyo: 'Ako'y nagtataglay ng kayamanan (at kagalingan) ni Allah. Hindi ko batid ang mundong nalilingid at darating at di ko ipinagbabadya: "Ako ay anghel" (Koran 6:50) at upang ipangusap: "Wala akong kapangyarihan upang magdala ng kagalingan o kasahulan sa aking sarili, datapuwa't kung ano ang naisin ni Allah." (Koran 7:188) At gayon din naman upang magsabi: 'Wala akong kapangyarihan upang saktan o pagkamtim kayo (ng kagalingan). Sabihin ninyo na walang sinuman ang

makapagbibigay sa akin ng proteksiyon kay Allah, o di kaya ay makatagpo ako ng iba pang kaligtasan maliban sa Kanya'. (Koran 72:21-22).

- Kami ay naniniwala na ang mga tagapagbalita ay mga tagapaglingkod ni Allah. Pinatnubayan Niya sila ng mensahe at tinutukoy sila bilang tagapaglingkod sa katuwiran upang purihin at parangalan sila. Kaya't Siya'y nagsabi tungkol kay Noe, ang una sa kanila: 'Kayo (tagapagbalita) ang sumunod sa lahi sa mga iniligtas Namin (sa arko) ni Noe. Katotohanang siya ang tagapaglingkod na lubos na nagpapasalamat." (Koran 17:3).

Si Allah ang nagsabi ng tungkol sa pangwakas sa kanila, si Muhammad, sumakanya nawa ang kapayapaan: "Purihin Siya na nagpapanaog ng Koran sa Kanyang tagapaglingkod, upang Kanyang paalalahanan ang sangkatauhan." (Koran 25:1) Siya rin ang nagsabi tungkol sa ilan sa mga tagapagbalita: "At banggitin ang Aming tagapaglingkod na si Abraham. Isaac at Hakob, na mga tao ng kapangyarihan at pananaw." (Koran 38:45) "At alalahanin ang Aming tagapaglingkod na si David na taong makapangyarihan at mapagsisi ng kasalanan." (Koran 38:17) At kay David, ay ibinigay Namin si Solomon, siya ay isang mahusay at mapagsising tagapaglingkod." (Koran 38:30).

Si Allah ay nagsabi ng tungkol kay Hesus, ang anak ni Maria: "Siya ay isa lamang tagapaglingkod na Aming pinatnubayan at ginawa Namin siyang halimbawa sa mga angkan ni Israel" (Koran 63:59).

- Kami ay naniniwala na pinaging ganap ni Allah ang lahat ng mga mensahe sa pamamagitan ng mensahe ni Muhammad, sumakanya nawa ang kapayapaan, sa lahat ng sangkatauhan sapagkat si Allah ang nagsabi: "Ipagbadya (O Muhammad): 0 sangkatauhan, ako ang tagapagbalita ni Allah sa inyong lahat. Siya ang nag-aangkin ng Kaharian ng mga kalangitan at kalupaan; wala ng iba pang Diyos liban sa Kanya . Siya ang tagapagbigay ng buhay at kamatayan. Kaya't sumampalataya kay Allah at sa Kanyang tagapagbalita, ang di nakapag-aral na Propeta na nananalig kay Allah at sa Kanyang mga Salita. Siya'y (Propeta) inyong sundin upang kayo'y matuwid na mapatnubayan." (Koran 7:158).

# ISLAM: ANG PANGSANTINAKPAN AT PANGHULING MENSAHE

- Kami ay naniniwala na ang Shariah ng Propetang si Muhammad, sumakanya nawa ang kapayapaan, ay siyang relihiyon ng Islam na pinili ni Allah para sa Kanyang tagapaglingkod at hindi Siya tatanggap sa kaninuman ng iba pang relihiyon sapagkat si Allah, ang Kataas-taasan ay nagwika:

'Katotohanang ang tunay na relihiyon sa pamingin ni Allah ay Islam, (Koran 3:19) at Kanya ring sinabi, "Sa araw na ito ay pinaging ganap Ko ang inyong relihiyon para sa inyo at pinaging ganap Ko ang Aking paglingap sa inyo at Aking pinili na inyong relihiyon ang Islam." (Koran 5:3) At, "sinumang magnais ng iba pang relihiyon na iba sa Islam, iyon ay di tatanggapin mula sa kanya at sa kabilang

buhay siya ay isa sa mapapabilang sa mga naligaw." (Koran 3:85).

- Ito ay aming kuru-kuro na ang sinumang mag-angkin ng kanyang pagtanggap sa anumang relihiyon na namamalagi sa ngayon - ng iba sa Islam - kagaya ng Hudaismo, Kristiyanismo at iba pa ay di mananampalataya. Siya ay nararapat na usigin upang magsisi, at kung hindi niya gawin, siya ay marapat na patayin bilang isang traydor sapagkat siya ay nagtatakwil sa Koran.

Ito rin ang aming opinyon na ang sinumang magtakwil ng pansandaigdigang mensahe ni Muhammad, sumakanya nawa ang kapayapaan, ay nagtatakwil na rin sa mensahe ng lahat ng mga Tagapagbalita (ng Diyos), bagama't siya ay nagpapahayag na siya ay nanalig at sumusunod sa Kanyang

sugo. Si Allah, ang Maluwalhati ay nagsabi: "Ang mamamayan ni Noe ay nagtakwil sa mga tagapagbalita." (Koran 26:105) Samakatuwid, si Allah ay nagturing sa kanila bilang nagsisipagtakwil sa lahat ng mga tagapagbalita bago pa si Noe. Ito ay maliwanag din sa mga sumusunod na talata: "Yaong mga di sumasampalataya kay Allah at sa Kanyang mga Tagapagbalita at nagnanais na paghiwalayin si Allah at ang Kanyang Tagapagbalita at nagsasabi: "Kami ay sumasampalataya sa ilan at di sumasampalataya sa iba", na naghahangad ng gitnang daan, sila nga sa katotohanan ay di mananampalataya at inihanda na Namin sa mga di sumasampalataya ang kasakit-sakit na kaparusahan." (Koran 4:151-152)

Kami ay naniniwala na wala ng iba pang propetang susunod kay Muhammad, ang Tagapagbalita ni Allah, (sumakanya nawa ang kapayapaan). Ang sinumang magangkin ng pagkapropeta pagkatapos niya, o ang manalig sa sinumang umaangkin doon, siya ay di mananampalataya sapagkat siya ay nagtatakwil kay Allah, sa Kanyang Tagapagbalita at pangkalahatang pasya ng mga Muslim.

# ANG GANAP NA NAPAPATNUBAYANG KHALIFA (TAGASUNOD)

- Kami ay naniniwala na ang Propeta, sumakanya nawa ang kapayapaan, ay mayroong napapatnubayang mga tagasunod na siyang nagtaguyod ng kanyang Sunnah sa pagpapalaganap ng karunungan, na nagaanyaya sa Islam at namamahala sa mga pamumuhay ng Muslim. Kami naniniwala na ang pinakamainam karamihan sa kanila at siyang may higit na karapatan bilang Khalifa ay si Abu Bakr As-Siddiq, at sumunod doon ay si Umar Ibn Al-Khattab, at sumunod doon ay si Uthman Ibn Affan, at sumunod doon ay si Ali Ibn Abu Talib, sumakanila nawa ang kasiyahan ni Allah. Kaya nga't ang kanilang pag-akyat sa pagiging Khalifa ay naaayon sa kanilang pag-uugali (at kabutihan). Si Allah, ang

Maluwalhati, na nagtataglay ng walang hanggang karunungan, ay hindi maglalagay ng isang mamamahala sa gitna ng mabuting pamayanan malibang siya ay nangingibabaw sa karamihan sa kanila at siya'y may mainam na karapatan sa pagiging 'khalifa'.

- Kami ay naniniwala na ang mababa sa gitna ng mga ganap na napapatnubayang kasamahan ng propeta ay maaaring maging mataas sa isang piling pag-uugali (at kabutihan) sa mga mas mainam sa kanya, ngunit siya ay di nagtataglay ng tandisang kapamahalaan sapagkat ang mga katangian na tinataglay ng pagiging mataas ay iba-iba at marami.
- Kami ay naniniwala na ang Ummah (pamayanan) ng Muslim ay siyang pinakamainam sa gitna ng mga bansa at si Allah, ang Kapurihan at Maluwalhati ay

pumatnubay doon sapagkat Siya ang nagsabi: "Kayo ang pinakamainam na bansa na nilalang sa sangkatauhan na mamamalagi sa kabutihan at nagtatakwil sa kamalian, at sumasampalataya kay Allah". (Koran 3:110).

#### ANG MGA KASAMAHAN NG PROPETA

- Kami ay naniniwala na ang pinakamainam sa gitna ng Ummah (pamayanan) ng Muslim ay ang mga kasamahan ng Propeta, at sumunod doon ay ang kanilang tagasunod, at sa mga sumusunod sa kanila.
- Kami ay naniniwala rin na ang pangkat ng Ummah na ito ay lagi ng mamalaging matagumpay sa tamang daan, at di nagagalaw ng mga nagnanais na sila ay

wasakin o ng mga sumasalungat sa kanila hanggang sa Araw ng Paghuhukom.

- Kami ay naniniwala na ang pagtatalo na naganap sa mga kasamahan ng Propeta ay siyang naging bunga ng kanilang matapat na paghanap ng kaliwanagan na kanilang pinagpunyagihan. Ang sinumang naging wasto sa kanila ay gagantimpalaan ng dalawang ulit at ang sinumang naging mali sa kanila ay gagantimpalaan ng minsan at ang kanilang pagkakamali ay patatawarin.
- Ito ay aming opinyon na tayo ay marapat na huminto sa pagsasabi ng kanilang pagkakamali at banggitin ang magagandang papuri na sa kanila ay marapat na igawad. Nararapat nating dalisayin ang ating mga puso sa pagkapoot at sa masamang isipin laban sa kanila sapagkat si Allah ay nagsabi tungkol sa

kanila: "Sila ay hindi pantay: ang ilan sa inyo na gumugol at nakipaglaban bago pa ang pagsakop sa Makka. Sila yaong may mataas na antas ng higit sa mga gumugol at nakipaglaban pagkatapos niyaon. Datapuwa't si Allah ay may pangako ng mataas na gantimpala sa lahat." (Koran 57:10) At si Allah ay nagsabi tungkol sa atin: "At sa mga sumunod pagkatapos nila ay nagsasabi: Aming Panginoon, kami'y Inyong patawarin at ang aming mga kapatid na ang sinundan ay pananampalataya, at huwag Ninyong Ilagay sa aming mga puso ang anumang masamang naisin laban doon sa mga nananalig. 0 aming Panginoon, Kayo ang Pinakamabuti, ang Pinakamahabagin." (Koran 59:10)

#### KABANATA VI

#### PANINIWALA SA ARAW NG PAGHUHUKOM

- Kami ay naniniwala sa Panghuling Araw - na siyang Araw ng Paghuhukom - na ang mga tao ay muling babangon sa pagkabuhay upang mamalagi sa kanilang tirahan ng kasiyahan o sa tirahan ng mabigat na kaparusahan.

#### PANINIWALA SA MULING PAGKABUHAY

- Kami ay naniniwala sa Muling Pagkabuhay na siyang pagpapanumbalik ni Allah ng buhay sa mga patay sa oras na hipan ni Israfil ang Trumpeta sa pangalawang ulit. "At kung hihipan na ang Trumpeta at ang lahat ng nasa mga kalangitan at sa kalupaan ay mangabubuwal (sa pagkaguliham) maliban doon bibiyayaan ni Allah. Kaya nga, ito ay muling hihipan at sila'y magsisitindig na gumagala ang paningin sa kanilang paligid." (Koran 39:68) Ang mga tao magsisitindig mula sa kanilang libingan upang sundin ang panawagan ng Panginoon ng Santinakpan. Sila ay magiging nakayapak, hubad at di natutuli, "Kung paano Namin sinimulan ang unang paglikha, sa-gayon din Namin muling ibabalik . Ito ay isang pangako mula sa Amin, kaya't katotohanang Aming tutuparin yaon". (Koran 21:104).

#### PANINIWALA SA MGA TALAAN AT TIMBANGAN

- Kami ay naniniwala sa mga tala ng mga pag-uugali (gawa) na ibibigay sa mga tao sa kanilang kanang kamay o sa kanilang likuran sa kaliwang kamay. "At siya na pagkakalooban ng kaniyang aklat sa kanyang kanang kamay, katotohanang kanyang tatanggapin ang madaling pagkakamalay (sa kaguluhan) at siya'y magbabalik sa kanyang pamilya na nagagalak. Datapuwa't siya na pagkakalooban ng kaniyang aklat sa kaniyang likuran, ay nanaisin niya ang pagkawasak ng kanyang sarili at siya'y susunugin sa Naglalagablab na Apoy." (Koran 84:7-12) "Ang bawat gawa ng tao ay Aming itinali sa kanilang leeg at sa Araw ng Paghuhukom ay Aming ihahantad sa kaniya ang aklat na kanyang matutunghayang nakabukas na nagsasabi: "Basahin mo ang iyong sariling aklat! Sapat na sa iyo sa araw na ito na ang iyong sariling kaluluwa ay tawagin ka upang magulat." (Koran 17:13-14)

Kami ay naniniwala na ang timbangan ng pag-uugali (gawa) ay ititindig sa Araw ng Paghuhukom at walang kaluluwa ang mapapaligaw. "Sinumang gumawa ng kakarampot na bigat ng mabuting gawa ay makikinabang doon (Koran 99:108), At yaong may mabibigat na timbangan, sila ang matatagumpay; ngunit yaong may mga timbangan na magagaan, sila yaong nangapaligaw ang kanilang kaluluwa at sa Impiyerno ay mamamalagi magpakailan man. Ang apoy ay tutupok sa kanilang mukha, at doon sila'y nagsisipamanglaw na ang mga labi ay warak." (Koran 23:102-104) "Siya na gumawa ng mabuting gawa ay gagantimpalaan ng makasampung ulit na katulad noon, at siya na gumawa ng masamang gawa ay parurusahan ng katulad noon, at sila ay di mapapaligaw (sa kabutihan)." (Koran 6:160).

#### ANG PAMAMAGITAN NG PROPETA

- Kami ay naniniwala sa mataas at pambihirang pamamagitan ni Propeta Muhammad (sa Araw ng Paghuhukom), sumakanya nawa ng kapayapaan. Siya ay maninikluhod kay Allah, sa Kanyang pahintulot at sa kapakanan ng sangkatauhan upang humatol sa karamihan ng Kanyang mga alipin kung sila ay nagdurusa sa pagkabalisa at pagkaligalig na hindi nila matitiis. Sila ay patutungo kay Adan, at pagkatapos ay kay Noe, at kay Abraham, at kay Moses, at kay Hesus at panghuli kay Propeta Muhammad, sumakanya nawa ang kapayapaan.
- Kami ay naniniwala sa pamamagitan na nauukol lamang sa ilang mga mananampalataya na huhugutin mula sa

apoy. Ang ganitong pamamagitan ay ipinagkaloob kay Propeta Muhammad, sumakanya nawa ang kapayapaan, at iba pa sa gitna ng mga Propeta, sa mga sumasampalataya, at sa mga anghel.

- Kami ay naniniwala rin na si Allah ay makapagliligtas sa Impiyerno ng ilang tao sa gitna ng mga mananampalataya na walang pamamagitan ng sinuman, datapuwa't sa pamamagitan ng Kanyang biyaya at habag.

#### ANG BATIS NG PROPETA

- Kami ay naniniwala sa Batis ng Propeta, sumakanya nawa ang kapayapaan, na ang tubig niyaon ay higit na maputi sa gatas at higit na matamis sa pulut-pukyutan at higit na mahalimuyak sa musko; ang bawat isang bahagi niyaon sa haba at lapad ay katumbas ng layo ng isang buwang paglalakbay. Ang mga salamin nito ay

katulad ng bituin sa kagandahan at dami. Ang mga sumasampalataya sa piling ng tagasunod ng Propeta ay pumaparoon doon upang sumalok sa malaking lalagyang ito ng inumin na sa sandaling ito'y kanilang mainom ay hindi na sila kailanman mauuhaw pa.

#### ANG TUWID NA LANDAS

- Kami ay naniniwala sa Tuwid na Landas (Sirat) na itinatag sa ibabaw ng Impiyerno. Ang mga tao ay nakararaan doon ayon sa kanilang pag-uugaling ginawa: ang una sa kanila ay kasimbilis ng kidlat, at ang sumunod ay kasimbilis ng hangin, at ang sumunod doon ay kasimbilis ng ibon (sa paglipad), at sa huli ay kasimbilis ng tumatakbong tao. Ang Propeta ay nakatindig sa Daan na nagsasabi: Panginoon, Inyong iligtas, Inyong iligtas!" Ang ilang pag-uugaling ginawa ng mga tao ay di

makakasapat. Ang iba sa kanila ay darating na gumagapang. Sa magkabilang panig ng Daan ay may sadyang mga kalawit na nakahandang sumalo sa sinumang naisin ni Allah; ang iba ay maliligtas ngunit may mga galos, at ang iba pa ay itinapon sa Impiyerno. (Bukhari at Muslim).

- Kami ay naniniwala sa lahat ng binanggit sa Koran o sa Sawikain (Tradisyon) ng Propeta tungkol sa araw na yaon (paghuhukom) at sa kanyang kasindakan, sana'y iligtas tayong lahat ni Allah doon.
- Kami ay naniniwala sa pamamagitan (shafa'ah) ni Propeta Muhammad, sumakanya nawa ang kapayapaan (sa araw ng paghuhukom) para sa mga tao ng Paraiso upang magsipasok doon. Ang ganitong pamamagitan ay tanging ibinigay lamang kay Propeta Muhammad, sumakanya nawa ang kapayapaan.

### PANINIWALA SA PARAISO AT IMPIYERNO

- Kami ay naniniwala sa Paraiso at Impiyerno. Ang Paraiso ang siyang tahanan ng kasiyahan kay Allah, ang Maluwalhati, na Kanyang inihanda para sa matutuwid. Ang mga biyaya na kanilang matatamasa roon ay wala pang mata ang nakakita, at wala pang tainga ang nakarinig, at walang sinumang tao ang nakapag-isip doon. "Walang sinumang kaluluwa nakakaalam kung gaanong kaginhawahan ang naghihintay doon bilang gantimpala sa kanilang mabuting pag-uugali." (Koran 32:17) Ang Impiyemo ang siyang tahanan ng kaparusahan na inihanda ni Allah sa mga di sumasampalataya at mapaggawa ng kasamaan. Ang mga kasakit-sakit na kaparusahan at sindak niyaon ay hindi pa napag-aakala na "Katotohanang inihanda Namin sa mga mapaggawa ng kasamaan ang apoy, na ang laganap ng ningas ay lumulukob sa kanila. At kung sila'y magsisitawag ng tulong, sila ay tutulungan sa pamamagitan ng tubig na tulad ng lusaw na asero na makatutugnas sa kanilang mukha. Tunay ngang kasindak-sindak ang kanilang inumin at pagkasama-sama ng kanilang kinalalagyan!" (Koran 18:29).

- Ang Paraiso at Impiyerno ay kapwa nasa kanilang kinalalagyan sa ngayon at ito ay di maglalaho. "Sinumang sumampalataya kay Allah at gumawa ng kabutihan, siya ay tatanggapin Niya sa Hardin na sa ibaba noon ay may mga batis na nagsisidaloy upang doon manahan magpakailanman. Katotohanang si Allah ay naghanda para sa kanya ng nag-uumapaw na biyaya." (Koran 65:11) "Katotohanang si Allah ay sumumpa sa mga di sumasampalataya at inihanda Niya para sa kanila ang naglalagablab na apoy

upang kanilang panahanan magpakailan man at sila'y hindi makasusumpong ng anumang tagapagtanggol o kawaksi. At sa araw na yaon na ang kanilang mukha ay isusugba sa Apoy, sila'y magsisipagbadya: "Sana'y kami'y sumunod kay Allah at tumalima sa Kanyang Tagapagbalita!" (Koran 33:64-66).

- Kami ay nagpapatibay ng Paraiso (bilang gantimpala) sa sinuman na binabanggit sa Koran o sa Tradisyon ng Propeta maging yaon man ay sa pangalan o sa paglalarawan lamang. Ang ilan sa kanila na biniyayaan ng Paraiso at binanggit sa pangalan ay sina Abu Bakr, Umar, Uthman, Ali at ang iba pa na tanging binanggit ng Propeta, sumakanya nawa ang kapayapaan. (Bukhari at Muslim) Sila ay kasama roon sa magkakamit ng biyaya upang makapasok sa Paraiso sapagkat sila ay naaangkop sa mga

pag-uugali ng matatapat at may pagkatakot sa Diyos.

Gayon din naman, kami nagpapatibay ng Impiyerno (bilang kaparusahan) sa sinuman na binabanggit sa Koran o sa Tradisyon ng Propeta, maging yaon man ay sa pangalan o paglalarawan lamang. Ang ilan sa kanila na magkakamit ng Impiyerno at binanggit sa pangalan ay sina Abu Lahab, Amr Ibn Luhai Al Khunza'i at iba pa. (Bukhari at Muslim) Ang pagkakaloob sa kanila ng Impiyerno ay nababatay sa pag-uugali na tinataglay ng bawat di sumasampalataya, ng mapagsamba sa iba't-iba (o maraming) diyos at sa mapagpaimbabaw (sa pagkukunwari).

#### PANINIWALA SA MGA KASASAPITAN SA LIBINGAN

- Kami ay naniniwala sa Pagsubok sa Libingan, na siyang panahon ng pagtatanong sa isang patay na tao sa kanyang libingan tungkol sa kanyang Panginoon, sa kanyang relihiyon at sa kanyang Propeta. Doon si "Allah ay magpapatotoo sa mga sumasampalataya na may matibay na pananangan sa pangkasalukuyang buhay at sa Kabilang Buhay." (Koran 14:27) Ang sumasampalataya ay magsasabi: "Si Allah ang aking Panginoon, ang Islam ang aking relihiyon at si Muhammad ang aking Propeta." Ang di sumasampalataya o ang mapagkunwari ay magsasabi: 'Wala akong kaalaman doon. Aking napakinggan na ang tao ay nagsasalita ng tungkol doon at sinalita ko yaon.'

- Kami ay naniniwala sa kasiyahan (kaginhawahan) sa libingan ng mga sumasampalataya. 'Yaong mga buhay na dinala ng mga anghel sa kalagayan ng kalinisan na nagsasabi: 'Sumainyo ang kapayapaan, kayo'y magsipasok sa Paraiso na siyang naging bunga ng inyong paguugali'. (Koran 16:32).
- Kami ay naniniwala sa kaparusahan sa libingan para sa sumusuway na di nananampalataya: "Kung inyo lamang mapagmamasdan ang mga masasama sa sandali ng kasakit-sakit na kamatayan at ang mga anghel ay bumabatak sa kanilang mga kamay na nagsasabi: Isuko mo ang iyong kaluluwa!, sa araw na ito ikaw ay gagantimpalaan ng kaparusahan ng pagiging aba dahilan sa iyong pagsasalita ng di katotohanan kay Allah at iyong pagyurak sa Kanyang mga Tanda.' "(Koran 6:93) Ang

mga sawikain ng Propeta ay marami at bantog sa ganitong bagay. Ang Muslim ay nararapat na maniwala sa lahat ng mga iniulat sa Koran at sa Tradisyon ng Propeta tungkol sa mga bagay na di nakikita. Siya ay hindi marapat na sumalansang doon sa pamamagitan ng kanyang makamundong karanasan sapagkat ang mga pamamalakad (pangyayari) sa Kabilang Buhay ay di makakatumbas ng pamamalakad (pangyayari) sa buhay na ito. Ang pagkakaiba ng dalawang ito ay lubhang malawak. Si Allah ang pinanggagalingan ng tulong.

#### KABANATA VII

#### PANINIWALA SA KASASAPITAN AT SA BANAL NA PAG-UUTOS

- Kami ay naniniwala sa Kasasapitan, maging yaon man ay mabuti o masama na siyang inilaan at itinakda sa lahat ng mga nilikha ayon sa Kanyang nakaraang kaalaman at naaangkop sa Kanyang karunungan.

#### ANG MGA ANTAS NG PANINIWALA SA KASASAPITAN

Ang unang paniniwala na ang kasasapitan ay may apat na antas:

Ang una ay ang antas ng Karunungan: Kami ay naniniwala na si Allah, ang Maluwalhati, ang nakakaalam ng lahat ng bagay. Talastas Niya kung ano ang nangyari at kung ano

ang mangyayari at kung paano ito mangyayari. Ang Kanyang karunungan ay walang hanggan. Siya ay hindi nagkakamit pa ng ibang karunungan at hindi rin Siya nakalilimot sa Kanyang nalalaman.

Ang pangalawang antas ay ang Talaan: Kami ay naniniwala na si Allah ay nagtala sa ganap na Aklat (Al Lawh Al Mahfudh) sa anumang maaaring mangyari hanggang sa Araw ng Paghuhukom. "Nababatid ba ninyo na talastas ni Allah ang lahat ng nasa Kalangitan at Kalupaan? Katotohanang ito ay nasa sa isang Aklat. Katotohanang ito ay isang magaang bagay kay Allah." (Koran 22:70).

Ang pangatlong antas ay Pagnanais Kami ay naniniwala na ninais (o pinahintulutan) ni Allah ang lahat ng bagay sa kalangitan at kalupaan. Walang anumang mangyayari malibang Kanyang pahintulutan; kung anuman ang Kanyang naisin, ito ay magaganap

at kung anuman ang Kanyang di pahintulutan ay di mangyayari.

Ang pang-apat na antas ay ang Paglikha: Kami ay naniniwala na si Allah ang Lumikha ng lahat ng bagay; Siya ang Tagapamatnubay sa ibabaw ng lahat ng bagay at Siya ang nag-aangkin ng mga susi ng mga kalangitan at kalupaan. (Koran 39:62-63)

Ang pang-apat na antas ay nagtataglay ng anumang ginagawa ni Allah sa Kanyang sarili at anumang ginagawa ng Kanyang mga nilikha. Kaya nga't ang lahat ng mga ginagawa ng mga tao sa kanilang pangungusap, pag-uugali o mga pagkukulang ay talastas ni Allah at Kanyang itinala, Kanyang pinahintulutan at nilikha ang mga ito: "At sa mga nagnanais na maging matuwid ay di magaganap malibang pahintulutan ni Allah, ang Panginoon ng

Santinakpan". (Koran 81:28-29) "At kung ninais lamang ni Allah, sila'y hindi mangyayaring makipaglaban sa isa't isa, datapuwa't si Allah ang nagpapahintulot ng anumang Kanyang maibigan." (Koran 2:253) "At kung ninais lamang ni Allah ay hindi nila magagawa yaon, bagkus ay bayaan silang nag-iisa at ang kanilang huwad na mga pamamarali." (Koran 6:137) "At si Allah ang lumikha sa iyo at sa iyong ginagawa." (Koran 37:96)

#### ANG MALAYANG PAG-IISIP NG TAO

-Kami ay naniniwala, magkagayunman, na si Allah ay nagkaloob sa mga tao ng lakas at malayang pag-iisip na sa pamamagitan niyaon ay nakapagsasagawa siya ng kanyang nais. Ang pag-uugaling yaon ng tao ay kanyang lakas at malayang pag-iisip at ito ay mapapatibayan ng mga sumusunod na puntos:

Una, si Allah ay nagsasabi: "Kaya't inyong lapitan ang inyong mga asawa kung kailan at kung paano ninyo naisin". (Koran 2:223) "At kung sila'y nagnais na magpatuloy, sila ay gagawa ng ilang paghahanda para roon". (Koran 9:46) Sa ganitong mga talata, si Allah ay nagpapatotoo sa tao na ang "paglapit" ay kanyang nais at ang "paghahanda" ay kanyang kagustuhan.

Pangalawa, ang pagtatagubilin sa tao upang gumawa at di gumawa. Kung ang tao ay walang malayang pag-iisip (naisin) at lakas, ang ganitong pagtatagubilin ay nangangahulugan na si Allah ay nag-aatas sa tao na gumawa ng hindi niya makakaya. Ang ganitong pagpapakahulugan ay sinasalangsang ng karunungan ni Allah, ng Kanyang habag at Kanyang makatotohanang pangungusap sa talatang "Si Allah ay hindi

magpapataw sa sinumang kaluluwa ng hindi niya makakaya." (Koran 2:286)

Pangatlo, ang pagpuri (o pagpapahalaga) sa matuwid na dahilan sa kanyang paguugali at ang panunumbat sa mga masasama dahilan sa kanyang mga gawa at ang pagbibigay doon ng gantimpala na sa kanila'y nararapat.

Kung ang gawa ay hindi ginawa sa pamamagitan ng malayang pag-iisip ng sinuman, samakatuwid ang pagpapahalaga sa matutuwid ay isang biro at ang pagpaparusa sa masasama ay di makatarungan, at si Allah, alalaong baga, ay hubad sa pagbibiro at pagiging di makatarungan.

Pang-apat, si Allah ay nagsugo ng tagapagbalita na "nagdadala ng masayang balita at pagpapaala-ala, upang ang sangkatauhan ay walang pangatwiranan kay Allah pagkatapos ng mga tagapagbalita".

(Koran 40:165) Kung ang gawa ng bawat isa ay hindi naganap sa pamamagitan ng kanyang malayang pag-iisip (o pagnanais), ang kanyang pangangatwiran ay hindi nawawalang saysay sa pagsusugo ng mga tagapagbalita.

Panglima, ang sinumang nagsasagawa ng kanyang gawa ay nakadarama na siya ay gumagawa o umaayaw upang gawin ang isang bagay ng walang pamimigil (o pamimilit). Siya ay tumatayo at umuupo; pumapasok at lumalabas; naglalakbay o namamalagi sa kanyang sariling malayang pagnanais na walang pagkadaina ng may pumipilit sa kanya upang gawin ang anuman sa ganitong paggawa. Sa katotohanan, siya ay maliwanag na kumikilala sa pagitan ng paggawa sa isang bagay sa pamamagitan ng kanyang malayang pagnanais at sa sinuman na pumipilit sa kanya upang gawin ang gayong paggawa. Ang batas Islamik din ay matalinong kumikilala (sa pagkakaiba) sa gitna ng ganitong kalagayan ng mga pangyayari. Ito ay hindi nagpaparusa sa pagkakamaling kanyang nagawa sa ilalim ng pamimilit (o puwersa).

#### WALANG PAGSASAALANG-ALANG SA KASASAPITAN NG MGA MAKASALANAN

- Kami ay naniniwala na ang mga makasalanan ay di makalulusot (o makapagbibigay dahilan) sa Banal na Kautusan (o sa itinakdang kasasapitan) ni Allah sapagkat siya ang gumawa ng kasalanan sa pamamagitan ng kanyang malayang pag-iisip (o naisin), na hindi niya nababatid na iyon pala ay ipinag-utos ni Allah para sa kaniya. Ito'y sapagkat

sinuman ay hindi makababatid sa ipag-uutos ni Allah bago pa ito mangyari: "Walang sinumang kaluluwa ang nakakaalam kung ano ang kanyang mapapakinabang sa kinabukasan." (Koran 31:34) Paano ito mangyayari kung gayon, na makapagbigay ng isang dahilan na hindi nababatid ng tao nagsasamantala roon nang siya'y gumagawa ng kanyang pagkakasala? Si Allah ang nagpabulaan sa ganitong uri ng pangangatwiran sa Kanyang pananalita: "Ang sumasamba sa diyus-diyosan ay magsasabi: 'Kung ninais ni Allah, hindi sana kami nagtambal ng iba pang Diyos sa Kanya', gayon din ang kanilang mga ninuno ay nagparatang ng kasinungalingan (sa Aming tagapagbalita) hanggang sa kanilang matikman ang Aming pagkapoot. Ipagbadya: "Mayroon ba kayong karunungan na mailalantad sa Amin? Sumusunod lamang kayo sa wala bagkus ay

mga haka-haka, katotohanang kayo'y nagsisinungaling." (Koran 6:148) Sinasabi namin sa makasalanan na gumagamit ng Banal na Kautusan (o itinakdang kasasapitan ng tao) bilang isang dahilan: 'Bakit hindi kayo nagsigawa ng mga pag-uugali ng pagsunod kahima't si Allah ay nagtakda niyaon para sa inyo sapagkat walang pagkakaiba sa gitna ng pagsunod, o pagkakasala sa pagiging walang kabatiran nito bago ito'y mangyari sa inyo?' Kaya nga't nang si Propeta Muhammad ay nagsasabi sa kanyang mga kasamahan na ang magiging kalagayan ng bawat isa sa Paraiso at Impiyerno ay itinakda na, sila'y nagsisipagsabi: "Hindi baga kami'y dapat manangan doon at huminto na sa pagsisikap (na gumawa ng kabutihan)?"

Ang Propeta ay sumagot: "Hindi, kayo'y magsigawa at ang bawat isa ay

papatnubayan sa bagay na yaon kung bakit siya ay nilikha." (Bukhari at Muslim)

Masasabi natin sa makasalanan na nagsisikap na makatagpo ng dahilan sa Banal na Kautusan (Kasasapitan): Ipaghalimbawa natin na ikaw ay nagnanais na maglakbay sa Makkah. Mayroong dalawang daan na maaaring daanan patungo roon. Ikaw ay pinagsabihan ng isang matapat na tao na ang isa sa mga daang ito ay mapanganib at mahirap at ang isa ay maganda at ligtas. Ikaw (di nga kasi) ay pipili sa pangalawang daan. Hindi mo pipiliin ang unang daan at iyong pangangatwiranan na ito ang itinakda sa iyo. Kung iyong gawin, iisipin ng mga tao na ikaw ay luku-luko o sira ang isip.

Masasabi rin natin sa kanya: Kung ikaw ay inaalok ng dalawang trabaho, na ang isa roon ay may higit na malaking suweldo, siguradong iyong pipiliin ang

trabaho na may malaking suweldo. Paano mo ngayong pinili kung ano ang mababa (kapahamakan) sa Kabilang Buhay at iyong gagawing dahilan ngayon ang Banal na Kautusan (Kasasapitan)?

Masasabi rin nating muli sa kanya: Ikaw ay nakikita namin nang ikaw ay may karamdaman na kumakatok sa pintuan ng bawat manggagamot upang humanap ng lunas at iyong tinitiis ang anumang sakit na maaari mong kamtin bilang bunga ng isang operasyon at sa kapaitan ng gamot. Bakit hindi mo gawin ang katulad niyaon noong ang iyong puso ay may sakit na pangkaluluwa dahilan sa mga kasalanan?

#### ANG KASAMAAN AY HINDI MAIKUKULAPOL KAY ALLAH

- Kami ay naniniwala na ang kasamaan ay hindi dapat ikulapol kay Allah bunga ng Kanyang ganap na habag at karunungan. Ang Propeta ay nagsabi: "At ang kasamaan ay hindi maikukulapol sa Inyo." (Muslim) Samakatuwid, ang kautusan (o itinakdang kasasapitan) na iginawad ni Allah ay walang anupamang kasamaan sapagkat ito ay nanggaling mula sa habag at karunungan. Magkagayunman, ang kasamaaan ay maaaring maging bunga sa ilan sa Kanyang mga kautusan sapagkat ang Propeta ay nagsabi sa sandali ng kanyang pananalangin ng "qunut" na kanyang itinuro kay Al Hassan: "At iadya Ninyo kami mula sa kasamaan ng Inyong ipinag-utos." (Tirmithi at Iba Pa) Dito, ang Propeta ay nagkulapol ng kasamaan sa Kanyang ipinag-utos.

Magkagayunman, ang kasamaan sa Kanyang kautusan ay hindi isang ganap na kasamaan. Ito ay isang kasamaan lamang sa isang banda, at kabutihan sa isang panig o ito ay kasamaan sa isang pagkakataon at kabutihan sa iba. Kaya nga't ang kasamaan sa kalupaan na bunga ng tagtuyot, sakit, kahirapan at pangangamba ay kasamaan datapuwa't ito ay kabutihan sa isang banda. Si Allah, ang Maluwalhati, ay nagsabi: "Ang kasamaan ay lumitaw sa kalupaan at karagatan dahilan sa kasamaan na gawa ng kamay ng tao, na Kanyang ginawa na kanilang matikman ang bahagi ng kanilang ginawa upang sila'y magsitalikdan sa kasamaan." (Koran 30:41) Ang pagputol sa kamay ng magnanakaw o pagbato sa mapangalunya ay isang masamang bagay sa magnanakaw o mapangalunya, datapuwa't ito ay mabuti sa kanila sa isang banda sapagkat ito ay nagpapadalisay sa kanila upang ang kaparusahan sa buhay na ito at sa Kabilang Buhay ay di mapagsama para sa kanila. Ito ay mabuti rin sa kabilang panig. Ang pagpapataw ng mga ganitong kaparusahan ay isang proteksiyon sa ari-arian, karangalan at pagsasamahan.

#### KABANATA VIII

#### ANG MGA BUNGA NG PANANAMPALATAYA

Ang mga ganitong mataas na pananalig na nagtataglay ng gayong mga dakilang prinsipyo ay nagbubunga ng marami at kapaki-pakinabang na mga uri ng bunga sa sinumang naniniwala roon.

#### ANG MGA MORAL NA KABUTIHAN SA PANINIWALA KAY ALLAH

Ang paniniwala kay Allah, sa Kanyang mga Pangalan at sa Kanyang mga Katangian ay nagtatanim sa bawat tao ng pagmamahal ni Allah ng Kanyang kapurihan na siyang nagiging bunga upang magsagawa ng mga iniuutos ni Allah at ang pag-iwas sa Kanyang mga ipinagbabawal na siyang mga paraan upang makapagtamo ng ganap na kaligayahan sa buhay na ito at sa Kabilang Buhay para sa bawat tao gayundin naman sa lipunan. "Sinumang gumawa ng kabutihan, lalaki o babae, at siya'y sumampalataya, katotohanang pagkakalooban Namin siya ng mabuting buhay at gagantimpalaan Namin siya ng ayon sa kahusayan ng kanyang mga pag-uugali." (Koran 16:97)

# ANG MGA MORAL NA KABUTIHAN SA PANINIWALA SA MGA ANGHEL

Una, ang pagpapahalaga sa Dignidad ni Allah at Kanyang kapangyarihan at sa Kanyang kapamahalaan (paghahari).

Pangalawa, ang pagtanaw ng pasasalamat kay Allah sapagkat Siya ay naglagay ng ilan sa mga anghel upang mamahala sa Kanyang mga tagapaglingkod, na nagtatala ng kanilang mga pag-uugaling ginagawa at iba pang mga bagay na makapagbibigay pakinabang sa kanila.

Pangatlo, ang pagmamahal at pagkagiliw sa mga anghel dahilan sa kanilang ginagawa tulad ng pagsamba kay Allah sa pinakamarubdob na paraan at pagdarasal para sa mga sumasampalataya.

# ANG MGA MORAL NA KABUTIHAN SA PANINIWALA SA MGA AKLAT (KASULATAN)

Una, pagpapahalaga sa habag at kalinga ni Allah para sa Kanyang mga nilalang sapagkat Siya ay nagpapanaog ng Kasulatan sa bawat bansa para sa kanilang patnubay.

Pangalawa, ang pagpapahalaga sa karunungan ni Allah sapagkat Kanyang ipinahayag sa mga Kasulatang ito ang makatutugon sa pangangailangan ng bawat bansa. Ang Maluwalhating Koran ang panghuli sa mga Kasulatang ito, at ito ay naangkop sa lahat ng mga tao at sa lahat ng panahon hanggang sa Araw ng Paghuhukom.

Pangatlo, ang pagtanaw ng pasasalamat sa habag ni Allah sa Kanyang pagpapahayag sa mga Kasulatang ito.

#### ANG MGA MORAL NA KABUTIHAN SA PANINIWALA SA MGA TAGAPAGBALITA (SUGO)

Una, ang pagpapahalaga sa habag at kalinga ni Allah sa Kanyang mga nilalang sa Kanyang pagsusugo ng gayong mga dakilang Tagapagbalita upang sila ay mapatnubayan sa Tuwid na Landas.

Pangalawa, ang pasasalamat kay Allah sa ganitong kalaking biyaya (at pagkalinga).

Pangatlo, ang pagmamahal at paggalang sa mga propeta at pagpupuri sa kanila na sa kanila ay nauukol sapagkat sila

ay mga tagapagbalita ni Allah at Kanyang pinili sa gitna ng Kanyang mga nilalang. Sila ay sumamba kay Allah sa pinakamainam na kanilang magagawa, nagparating ng Kanyang mensahe sa sangkatauhan, nagbigay ng matapat na patnubay sa kanila at naging matiyaga sa pagtitiis sa anumang mga pasakit na kanilang tinanggap.

#### ANG MGA MORAL NA KABUTIHAN SA PANINIWALA SA ARAW NG PAGHUHUKOM

Una, ang pagsisikhay na sumunod kay Allah upang makapagtamo ng gantimpala sa araw na yaon at maiwasan ang pagsuway sa Kanya dahilan sa pagkatakot sa Kanyang kaparusahan.

Pangalawa, bilang isang kaluwagang loob sa mga nananampalataya na kung ano man ang di nila nakamtan na kasiyahan sa mundong ito, sila ay makakaasa na magkakamit sila ng mga biyaya at gantimpala sa Kabilang Buhay.

#### ANG MGA MOKAL NA KABUTIHAN SA PANINIWALA SA KASASAPITAN AT BANAL NA PAG-UUTOS

Una, ang pagpapaubaya (at pagtitiwala) kay Allah sa paggawa ng anumang bagay sapagkat ang dahilan at kalalabasan niyaon ay bunga ng pag-uutos ni Allah.

Pangalawa, ang kapanatagan ng isip at kaginhawahan sapagkat kung ang bawat isa ay nakatatalos na ang lahat ay itinakda ni Allah at ang masamang pangyayari ay magaganap (sa anupamang kaparaanan) at ang kanyang kaluluwa ay maging mapanatag at ang kanyang puso ay nasisiyahan sa itinakda ni Allah. Walang sinuman ang may higit na maginhawang buhay, na ang kaluluwa ay ligtas sa pagkaligalig at matibay na pananalig maliban sa isang nananampalataya sa Kasasapitan.

Pangatlo, kalayaan sa pagiging mataas (sa kaasalan) kung siya ay nakapagkamit ng kanyang hinahangad sapagkat ito ay biyaya mula kay Allah sa pamamagitan ng Kanyang itinakda na siyang dahilan ng kabutihan at tagumpay. Ang tao ay nararapat na magpasalamat kay Allah sa ganitong bagay at maging hubad siya sa lahat ng pagmamataas.

Pang-apat, kalayaan sa pagkabalisa at pagkabagot sa panahon ng kasawian o kasamaang palad sapagkat ito ay itinakda ni Allah na Siyang naghahawak ng mga Kalangitan at Kalupaan. Sapagkat ito ay mangyayari (sa anupamang kaparaanan), ang tao ay nararapat na maging matiim at umasa ng gantimpala mula kay Allah. Si Allah ay nagbigay diin sa huling dalawang moral na kabutihan sa sumusunod na talata:

"Walang masamang pangyayari ang magaganap sa mundo o sa iyong sarili na di naisulat sa Aklat (Kasulatan) bago pa Namin ipinahayag sa inyo, "Katotohang ito ay magaan kay Allah upang kayo ay di malumbay sa anupamang di ninyo nakamtan o maging mapagpamarali sa anumang inyong nakamtan. Si Allah ay di nagmamahal sa mga mapagpamarali sa kayabangan." (Koran 57:22-23).

Idinadalangin namin kay Allah, ang Maluwalhati, na tayo'y Kanyang gantimpalaan sa ganitong paniniwala, na ating makamtan ang mga bunga nito, na tayo'y makapagkamit pa ng mga biyaya, na

tayo'y manatili sa Tuwid na Landas na Kanyang ninanais sa atin at ipagkaloob Niya sa atin ang Kanyang mga biyaya; katotohanang Siya ang Tagapanustos. Ang kapurihan at pasasalamat ay kay Allah, ang Panginoon ng Sangtinakpan at ang kapayapaan at mga biyaya ay mapasakanya nawa (Propeta Muhammad), sa kanyang pamilya, sa kanyang mga kasamahan at sa mga matutuwid na sumusunod sa kanila.

### المكتب التعاوني للدعوة والإرشاد وتوعية الجاليات في منطقة البطحاء

تحت إشسسراف وزارة الشؤون الإسلامية والأوقاف والدعوة والإرشاد

> ص،ب: ۲۰۸۲۶ الریاض ۱۱۶۹۵ هاتف: ۴۰۳۰۲۵ ت

- 6.8.164

هاتف وفاكس صالة المحاضرات بالبطحاء

. . 477 -1 - £ . ATE . a

حقوق الطبع محفوظة للمكتب

لا يسمع يطيم أي جزء من هذا الكتاب إلا بعد مرافقة خطية مسيقة من المكتب

## ھِقِیٽ ہِ (السِیْنِ ہُر)(المِیْنِ ہِی الْمِیْنِ کِی الْمِیْنِی الْمِیْنِ کِی الْمِیْنِ کِی الْمِیْنِ کِی الْمِی کِی الْمِ

بعَسَامُ الفقِرِّيرِ الْيَسَالِلهُ ومحرِّر العِسَامُ العَيْمِيْ الْعِيمِيْ فِي

رَجِهَ للغلبينية عبراللطف أرسيو